
# Mga MALING AKALA



# tungkol sa HIV

# ANO NGA BA ANG HIV?

ANO NGA BA ANG HIV?
ANO NGA BA ANG HIV?
ANO NGA BA ANG HIV?
ANO NGA BA ANG HIV?
ANO NGA BA ANG HIV?

**Maraming kulang o maling pag-unawa tungkol sa HIV dahil sa kakulangan ng impormasyon dito, pagkahiya o pagkatakot na pag-usapan o magtanong tungkol sa paksang ito.** Talakayin ang ilang maling pag-unawa sa HIV, para mas maging ligtas ang ating pagdedesisyon.

**MALING PAG-UNAWA #1:** HALATA KUNG ANG TAO AY MAY HIV. MUKHA SIYANG MADUMI, MAY SAKIT, O KAYA MASYADONG MAHAROT, MALIBOG, O MAPILIT.

**TAMANG PAG-UNAWA:**

**Walang iisang itsura ang HIV.** Hindi madedetect ng mata kung ang tao ay may HIV o wala. Wala ito sa itsura, kilos, o amoy ng tao. Kahit sino ay pwedeng magka-HIV kaya lahat ay dapat magpa-test.

**MALING PAG-UNAWA #2:** HINDI NAMAN AKO MAGKAKA-HIV KASI MUKHANG MALINIS ANG MGA KA-PARTNER KO.

**TAMANG PAG-UNAWA:**

**Muli, wala sa itsura ang HIV.** Kahit sino ay pwedeng magka-HIV, kaya lahat ay dapat magpa-test.

## MALING PAG-UNAWA #3: HINDI NAMAN AKO MAGKAKA-HIV KASI HINDI KO NAMAN PINAPAYAGAN NA MAG-EJACULATE SA AKIN ANG PARTNER KO.

### TAMANG PAG-UNAWA:

**Maaaring mapasa ang HIV sa dugo, at hindi lang sa semen.** Kapag may singaw o sugat, maaaring ito ang maging pasukan ng virus.

## MALING PAG-UNAWA #4: HINDI NAMAN AKO MAGKAKA-HIV KASI SABI NG PARTNER KO WALA NAMAN SIYANG SAKIT NA NARARAMDAMAN.

### TAMANG PAG-UNAWA:

**Wala sa pakiramdam ang HIV. Sa buong mundo, isa sa pito (1 in 7) na taong may HIV ay hindi alam na siya ay may HIV na.** Ang pagpapa-test lang ang normal at siguradong paraan para malaman kung may HIV o wala ang isang tao. Okay lang magpa-test kahit walang nararamdamang sakit.

## MALING PAG-UNAWA #5: MAHAL MAGPA-TEST NG HIV.

**TAMANG PAG-UNAWA:**

May **libreng HIV testing** sa mga piling testing hubs.

## MALING PAG-UNAWA #6: MASAKIT MAGPATEST NG HIV.

**TAMANG PAG-UNAWA:**

May iba't-ibang paraan sa pag-test ng HIV antibodies/ antigens gaya ng **simpleng finger prick, pag-test ng laway, o pag-test ng dugong nakuha mula sa ugat.**

## MALING PAG-UNAWA #7: MALALAMAN NG IBA KAPAG NAGING HIV POSITIVE AKO.

**TAMANG PAG-UNAWA:**

**Nasa batas ng Pilipinas na dapat ay confidential ang testing, records, at resulta ng HIV testing.** Ang resulta ng iyong HIV test at ang iyong identity ay hindi basta-bastang ipapaalam sa kung sino-sino lamang.

MALING PAG-UNAWA #8: **NAKAKATAKOT MALAMAN KUNG MAY HIV AKO. KAYA WAG NALANG AKO MAGPA-TEST. HINDI KO ALAM ANG GAGAWIN KO KUNG HIV POSITIVE NA PALA AKO.**

**TAMANG PAG-UNAWA:**

**Mas nakakatakot na hindi mo alam kung ikaw ay may HIV o wala.** Mas makakampante ka kung alam mo ang status mo – negative man ito o positive. **May gagabay sa iyo** tulad ng isang HIV counselor kapag ikaw ay nagpa-test. Pwede mong pagtanungan kung ikaw ay may agam-agam. May emosyonal na suporta at gabay para sa mga taong nagpapa-test ng HIV. **Hindi mo kailangang tiisin nang mag-isa ang iyong takot.**

**May available na antiretroviral therapy** na nagsusuppress ng pagtaas ng viral load ng HIV sa katawan. **Posibleng mamuhay nang normal, malusog, at masaya kahit na may HIV.**

## MALING PAG-UNAWA #9: KUNG MAY HIV NA NGA AKO, WALA NAMAN AKONG MAGAGAWA TUNGKOL DITO KASI NASA KATAWAN KO NA.

**TAMANG PAG-UNAWA:**

**Hindi nagagamot ang HIV pero may tinatawag na ART (o antiretroviral therapy) na nakatutulong para sa mga taong HIV positive na mabuhay ng malusog, mahaba, at normal.** Inaagapan ng ART ang pag-dami ng HIV sa katawan. Kaya maganda na regular ang pagpapatest, para masimulan agad ang ART kung madetect nga na may HIV na. Mas maganda ang early intervention. Ang tinuturing na early intervention ay ang unang 6 na buwan mula ng exposure sa HIV.

# ANO NGA BA ANG HIV?

**TANDAAN:**
**Kahit sino ay maaaring magkaroon ng HIV, kaya lahat ay dapat nagpapa-test para sa HIV. Sa tamang gabay, suporta, at maagang intervention, posibleng mabuhay nang mahaba, masaya, malusog, at normal kahit na may HIV.**

**Maraming HIV testing hubs at clinics sa iba't ibang parte ng bansa.** Pwedeng tignan ang mga links na ito tungkol sa hubs at clinics:

- HIV treatment hubs sa Pilipinas
- LoveYourself



# THE RAINBOW FUND PROJECT

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

MATATAG Bansang Makabata Batang Makabansa

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES DEPARTMENT OF HEALTH

Healthy Pilipinas

USAID FROM THE AMERICAN PEOPLE

URC

PSYCHOLOGICAL ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES 1962

UNIVERSITY GENDER HUB